

# SAMPOL, sanggunian lamang ang pahinang ito



Petsa ng Mail: 00/00/00  
000 0000

Petsa ng Pagsisimula ng Taon ng Benepisyo: 00/00/00  
Para sa Opisyal na Paggamit Lamang: 00000

## Paunawa ng Potensyal na Maling Pahayag

### Bakit ako nakatanggap ng paunawang ito?

Nakatanggap ka ng paunawang ito dahil tinutukoy sa impormasyong mayroon ang EDD na maaaring nagbigay ka sa EDD ng maling impormasyon o nagkaiit ng impormasyong nauugnay sa potensyal na usyu sa pagiging karapat-dapat na nakasaad sa kalakip na *Paunawa ng Potensyal na Labis na Pagbabayad*.

### Ano ang parusa kung nalaman ng EDD na nagbigay ako ng maling impormasyon?

Kung natagpuan ng EDD na sinadya at alam mong nagbigay ka ng maling impormasyon o nagkain ng impormasyon upang mabayaran ng mga benepisyo, maaari kang makatanggap ng 2 hanggang 23 linggong parusa ng "maling pahayag". Ang mga linggo ng parusa na ito ay idadagdag sa iyong claim sa kawalan ng trabaho sa kasalukuyan o sa hinaharap. Para sa bawat isa sa mga linggo ng parusa, dapat may buong-oras o bahaging-oras kang trabaho, magsumite ng mga sertipikasyon, at matugunan ang lahat ng iniaatas sa pagiging karapat-dapat, ngunit hindi ka babayaran ng mga benepisyo para sa mga linggong iyon. Maaaring kailangan mo ring bayaran ang mga naunang benepisyong natanggap at magbayad ng multang katumbas ng 30% ng kabuuang halaga ng mga sobrang benepisyong ibinayad sa iyo.

### Paano ako makakapagbigay ng impormasyon sa EDD tungkol sa posibleng maling pahayag na ito?

Kung gusto mong magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong potensyal na maling pahayag, maaari mong sagutin ang mga tanong sa ibaba, pirmahan at petsahan ang paunawang ito, at ipadala sa amin sa address na ipinapakita sa ibaba **sa loob ng 10 araw** ng petsa ng mail sa *Paunawa ng Potensyal na Labis na Pagbabayad*. Ang mga sagot na ibibigay mo sa EDD upang mapagpasyahan kung alam mo o dapat ay alam mo na ang impormasyong ibinibigay mo sa EDD ay hindi tama, o kung sinadya mong magkaiit ng impormasyon, upang mabayaran ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

### Kung gusto mong sumagot sa paraang nakasulat, sagutin ang mga sumusunod na tanong nang kumpleto hangga't maaari.

1. Binigyan mo ba kami ng maling impormasyon, o pinagkaiit ng impormasyon ang EDD?  Oo  Hindi
2. Kung nagbigay ka ng maling impormasyon, alam mo ba na ang impormasyong ibinigay mo ay hindi tama sa panahong ibinigay mo ang impormasyong iyon?  Oo  Hindi
3. Kung ipinagkaiit mo ang impormasyon, alam mo bang dapat ay ibinigay mo ang impormasyong iyon sa EDD sa panahong ibinigay mo ang impormasyong iyon?  Oo  Hindi
4. Kung natuklasan mong mali ang impormasyong ibinigay mo, sinubukan mo bang abisuhan ang EDD?  Oo  Hindi
5. Kung sumagot ka ng oo sa tanong 1, bakit ka nagbigay ng maling impormasyon o nagkaiit ng impormasyon?  
\_\_\_\_\_
6. Mayroon ka bang iba pang impormasyong idadagdag?  
\_\_\_\_\_

**Nauunawaan ko na ang batas ng estado ay mayroong mga linggo ng pinansyal na parusa o diskwalipikasyon kung sinadya kong magbigay ng mga maling pahayag o nagkaiit ng mahahalagang impormasyon upang makakuha ng mga benepisyo.**

**Idinedeklara ko sa ilalim ng parusa ng panunumpa ng walang katotohanan na ang impormasyong ibinibigay ko sa paunawang ito ay totoo at tama.**

\_\_\_\_\_  
Pirma

\_\_\_\_\_  
Inilimbag na Pangalan

\_\_\_\_\_  
Petsa

Ibalik ang nakumpletong form na ito sa:

EDD  
Address  
Lungsod, Estado, Zip code